

تربية الأبناء - فلبيني

EDUKASYON ng mga Anak



جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦. فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

150

Ang Edukasyon ng mga Anak

تربية الأبناء – اللغة الفلبينية



جمعية الدعوة والإرشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

تربية الأبناء

تأليف: عادل الشدي ود. أحمد المزيد

إصدار: مدار الوطن للنشر والتوزيع

ترجمه إلى اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

الطبعة الثانية: ١٤٤٢/٨ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

الشدي، عادل

تربية الأبناء / عادل الشدي، الزلفي، ١٤٢٨ هـ

٥٩ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٣-٥-٩٧٨٧-٩٩٦٠

(الكتاب باللغة الفلبينية)

١- التربية الإسلامية ٢- تربية الأطفال أ. المزيد، أحمد

(مؤلف مشارك) ب. العنوان

١٤٢٨/٩٧٣

ديوي ٣٧٧,٢

رقم الإيداع: ١٤٢٨/٩٧٣

ردمك: ٣-٥-٩٧٨٧-٩٩٦٠

Mga Nilalaman

130 Paraan Sa Edukasyon ng mga Anak	5
Ang Kapaniwalaan	6
Ang Pagsamba	8
Ang Kalinisang-asal	10
Ang mga Kabutihang-asal at ang mga Kagandahang-asal	12
Ang Kayariang Pangkatawan	15
Ang Kayariang Sikolohikal	15
Ang Kayariang Panlipunan.....	16
Ang Kayariang Pangkalusugan	17
Ang Kayariang Pang-edukasyon	18
Ang Gantimpala at ang Parusa	19
Ilan sa mga Tampok sa Pamamaraang Pampropeta Sa Edukasyon ng mga Anak.....	22
Ang Unang Tampok	23
Ang Ikalawang Tampok	25
Ang Ikatlong Tampok.....	26
Ang Ikaapat na Tampok	28
Ang Ikalimang Tampok.....	30

Ang Ikaanim na Tampok	32
Ang Ikapitong Tampok.....	35
Ang Ikawalong Tampok	36
Ang Ikasiyam na Tampok.....	38
Ang Ikasampung Tampok	41
Ang Ikalabing-isang Tampok	43
Mga Kamalian Sa Edukasyon ng mga Anak	45
1. Ang Pagmamaliit sa Isyu ng Edukasyon.....	46
2. Ang Pagdodolina ng mga Magulang.....	48
3. Ang Salungatan sa Tinutularan	49
4. Ang Kabagsikan	51
5. Ang Pagbabale-wala sa mga Nakasasama.....	52
6. Ang Pagwawalang-bahala sa Reyalidad	54
7. Ang Hindi Pagkilala sa Pagkakamali	54
8. Ang Pagsosolo sa Paggawa ng mga Pasya.....	55
9. Ang Hindi Paggalang sa mga <i>Privacy</i>	56
10. Ang Pagpapaalis.....	58
Mga Pinagkunan	60

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa ngalan ni Allah,¹ ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

١٣٠ طريقة في تربية الأبناء

الدكتور أحمد المزيّد

130 Paraan Sa Edukasyon ng mga Anak²

Dr. Ahmad al-Mazyad

Ang papuri ay ukol kay Allah lamang. Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol kay Muhammad na wala nang propeta pagkatapos niya.

Tunay na ang pagdudulot ng edukasyon sa mga bata ay isang sining at kasanayan na ang nagpakahusay rito ay iilang tao lamang. Naisulat tungkol doon ang maraming aklat na may pinahaba at pinaikli. Minabuti namin na banggitin ang buod ng ilan sa mga aklat na ito at isaayos iyon sa isang

¹ Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at hindi ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

² Ang nagsalin ng aklat na ito ay walang pananagutan sa nilalaman ng aklat na ito.

kalipunan ng mga kaisipang napakikinabangan na hindi maisasaisang-tabi ng mga magulang at mga edukador sa pagdudulot ng edukasyon sa mga maliit na anak nila ayon sa isang tumpak na edukasyon.

Ang Kapaniwalaan

1. Ituro mo sa anak mo ang adhikain ng Tawhīd: Walang Diyos Kundi si Allah, at ang nilalaman nito na pagkakaila at pagkilala. Ang pariralang *Walang Diyos* ay pagkakaila sa pagkadiyos ng iba pa kay Allah. Ang pariralang *Kundi si Allah* ay pagkilala sa pagkadiyos ni Allah lamang.
2. Ipaalam mo sa kanya kung bakit tayo nilikha:³ **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako,**⁴ kalakip ng pagpapatnubay sa kanya sa malawak na kahulugan ng pagsamba.
3. Huwag mong damihan ang pananakot sa kanya sa pamamagitan ng Impiyerno, pagdurusa roon, galit ni Allah at parusa Niya nang sa gayon ay hindi maugnay ang pagbanggit sa Panginoon sa isipin niya sa mga nakapangingilabot na larawang ito.
4. Gawin mo ito na umiibig kay Allah nang higit sapagkat tunay na Siya ang lumikha sa atin, nagtustos sa atin,

³ Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadīth na sinipi rito ay salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

⁴ Qur'an 51:56.

nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, nagpadamit sa atin at gumawa sa atin bilang mga Muslim.

5. Balaan mo siya laban sa paggawa ng mga mali sa pag-iisa niya dahil si Allah ay nakakikita sa kanya sa lahat ng kalagayan.
6. Dalasan mo ang pagsambit ng mga pananalita na may pagbanggit kay Allah tulad ng *bismilláh*⁵ sa pagkain, pag-inom, pagpasok at paglabas; *alhamdulillah*⁶ sa pagtatapos ng pagkain; *subhánalláh*⁷ sa sandali ng pagkagulat at paghanga; at iba pang mga pananalita.
7. Paibigin mo sa anak mo ang personalidad ng Marangal na Sugo⁸ (SAS)⁹ sa pamamagitan ng pagtuturo rito ng ilan sa mga kaaya-ayang katangian niya, ng pagbabasa ng ilan sa mga kuwento sa talambuhay ng Propeta (SAS) sa harap nito, at ng pagbanggit ng dalangin para sa kanya sa tuwing nababanggit siya.

⁵ Sa ngalan ni Allah.

⁶ Ang papuri ay ukol ni Allah.

⁷ Kaluwalhatian kay Allah.

⁸ Kapag binanggit ang salitang **sugo** o **isinugo** sa lathalain natin, ang tinutukoy natin ay isang propetang sugo o isinugo ng Panginoon, maliban kung tahasang binanggit na iyon ay hindi isang propetang sugo o isinugo. Sa mga lathalain natin, ang Sugo na may malaking titik na ‘S’ at ang Propeta na may malaking titik na ‘P’ ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

⁹ (SAS): *Sallalláhu ‘Alayhi wa Sallam*: Pagpalain siya ni Allah at batiin (o pangalagaan). Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

8. Itanim mo sa isipan niya ang paniniwala sa Qadá' at Qadar¹⁰ sapagkat tunay na ang anumang niloob ni Allah ay mangyayari at ang hindi Niya niloob ay hindi mangyayari.
9. Ipaalam mo sa anak mo ang Anim na Haligi ng Pananampalataya.
10. Magbigay ka sa kanya ng ilang tanong na nauugnay sa kapaniwalaan, halimbawa: Sino ang Panginoon mo? Ano ang Relihiyon mo? Sino ang Propeta mo? Bakit tayo nilikha? Sino ang tumutustos sa atin, nagpapakain sa atin, nagpapainom sa atin at nagpapagaling sa atin? Ano ang mga bahagi ng Tawhíd? Ano ang Shirk, ang Kufr at ang Nifáq? Ano ang kahihinatnan ng mga Mushrik, mga Káfir at mga Munáfiq? At iba pa.

Ang Pagsamba

11. Ituro mo sa anak mo ang Limang Haligi¹¹ ng Islam.
12. Sanayin mo ang anak mo sa *ṣaláh*: ***Ipag-utos ninyo sa mga anak ninyo ang ṣaláh kapag pitong taon na at paluin ninyo sa hindi pagsasagawa niyon kapag sampung taon na.***

¹⁰ Ang itinadhana at ang itinakda.

¹¹ Ang Limang **Haligi** ng Islam ay higit na tumpak na isaling “Ang Limang **Sandigan** ng Islam” dahil ang haligi sa Arabe ay *‘amúd*. Tingnan mo ang *al-Mu‘jam al-Wasít*, ang *Hans Wehr Dictionary of Modern Written Arabic*, at ang *A Dictionary of Islamic Words and Expressions* ni Dr. Mahmoud Isma‘il Saleh. Ang Tagapagsalin.

13. Isama mo ang anak mo sa mga masjid at turuan mo siya kung paanong magsasagawa ng wudú’.
14. Ituro mo sa kanya ang mga Kagandahang-asal¹² sa loob ng mga masjid, ang paggalang sa mga ito at ang kabanalan ng mga ito.
15. Sanayin mo siya sa pag-aayuno nang sa gayon ay makasayan niya ito sa paglaki.
16. Himukin mo ang anak mo na magsaulo ng madaling bahagi ng Qur’an, mga tumpak na Hadíth ng Propeta at mga tumpak na dhikr.
17. Gantimpalaan mo ang anak mo sa tuwing sumusulong siya sa pagsasaulo. Nagsabi si Ibráhim ibnu Ad’ham: “Sinabi sa akin ng ama ko: Anak, magpaturo ka ng Hadíth; sa tuwing nakarinig ka ng isang Hadíth at isinaulo mo ito ay magkakamit ka ng isang Dirham.” Kaya nagpaturo ako ng Hadíth dahil dito.
18. Huwag mong pagurin ang anak mo sa madalas na pagsasaulo at pagrerepaso nang sa gayon ay hindi niya ituring iyon na isang parusa sapagkat kasusuklaman niya ang pagsasaulo ng Qur’an.

¹² Ang Kalinisang-asal ay moralidad: ang tama at ang mali sa malinis na pamumuhay, o *ethics* at *good morals*. Ang Kabutihang-asal ay ang mabuting pakikitungo sa kapwa, o *behaviour* o *right attitude*. Ang Kagandahang-asal naman ay may kinalaman sa magandang pag-uugali sa isang takdang okasyon, o *etiquette* o *right manners*. Ang paggalang sa magulang ay Kalinisang-asal. Ang pagtugon sa bumabati ay Kabutihang-asal. Ang pagtatakip ng bibig sa paghikab ay Kagandahang-asal. Ang Tagapagsalin.

19. Alamin mo na ikaw ay isang halimbawa para sa mga anak mo. Kapag nagwalang-bahala ka sa pagsamba o nagtamad-tamaraan ka roon at nagpapabagal-bagal ka sa pagsasagawa nito, maaapektuhan mo ang mga anak dahil doon at ituturing nilang mabigat ang pagsamba o baka takasan pa nila ito.
20. Sanayin mo ang anak mo sa pagkakawanggawa at paggugol sa kabutihan: magkakawanggawa siya minsan habang nakikita ka niya, o bibigyan mo siya ng ipang-kakawanggawa niya sa isang maralita o isang nanghi-hingi. Ang pinakamainam doon ay na hihikayatin mo siya na magkawanggawa mula sa sariling pera niya na inipon niya.

Ang Kalinisang-asal

21. Kapag ninais mo na maging matapat ang anak mo ay huwag mong itanim sa isip niya ang pagkatakot.
22. Maging matapat ka muna nang sa gayon ay matutunan sa iyo ng anak mo ang katapatan.
23. Ipaliwanang mo sa kanya ang kalamangan ng pagkamatapat at pagkamapagkakatiwalaan.
24. Subukin mo ang pagiging mapagkakatiwalaan ng anak mo nang hindi niya nararamdaman iyon.
25. Sanayin mo ang anak mo sa pagtitiis at pagtitiyaga at sa hindi pagmamadali. Magagawa mo iyon sa pamamagitan ng pagsasanay sa kanya sa pag-aayuno o sa pagsasagawa ng ilang gawaing nangangailangan ng pagtitiyaga at paghihinay-hinay.

26. Maging makatarungan ka sa mga anak mo sapagkat tunay na iyan ay napakainam na pamamaraan ng pagtuturo sa kanya ng kaasalan ng katarungan.
27. Sanayin mo ang anak mo sa kaasalan ng altruismo sa pamamagitan ng mga aktuwal na pangyayari o sa pamamagitan ng ilang kuwento na tumatalakay sa kabutihan ng altruismo.¹³
28. Linawin mo sa mga anak mo ang mga negatibong resulta na ibinubunga ng panlilinlang, pandaraya, pagnanakaw at pagsisinungaling.
29. Kapag nagpamalas ang anak mo ng katapangan sa ilang mga pangyayari ay papurihan mo siya dahil doon at gantimpalaan mo siya dahil doon. Ipaliwanag mo sa kanya ang katapangan ay ang gawin niya kung ano ang tama at ang kinakailangan.
30. Huwag kang maging mabagsik sapagkat itutulak mo siya sa pagkatakot, pagsisinungaling at karuwagan.
31. Ipaibig mo sa kanya ang kaasalan ng pagpapakumbaba, pagkabanayad at pag-ayaw sa pagmamalaki.
32. Ituro mo sa kanya na ang mga tao ay nagkakalamangan dahil sa pangingilag sa pagkakasala at gawang matuwid, hindi dahil sa mga kaangkanan, mga kalagayan sa buhay at mga yaman.
33. Ituro mo sa kanya na ang kawalang-katarungan ay pugad ng kasamaan, na ang paglabag ay magbubuwal

¹³ *Altruism* sa Ingles: paggiging di-makasirili at pagmamalasakit sa kapakanan ng iba.

sa gumagawa nito at ang kataksilan ay nag-aakay sa kapahamakan.

34. Ituro mo sa kanya ang mga pagkakaiba ng mga bagay-bagay na maaaring nakalingid sa kanya gaya ng pagkakaiba sa pagitan ng katapangan at kapangahasan, pagkakaiba sa pagitan ng hiya at pagkamahiyain, pagkakaiba sa pagitan ng pagpapakumbaba at kaabahan, at ang pagkakaiba sa pagitan ng katalinuhan at panggulang.
35. Hiratiin mo ang mga anak mo sa pagkamapagbigay sa pamamagitan ng pagiging mapagbigay mo sa bahay at pag-uukol ng nakabubuting gawa sa iba.
36. Huwag kang sumira sa pangako mo magpakailanman lalo na sa mga anak mo sapagkat tunay na iyon ay magkikintal sa mga kaluluwa nila ng kainaman ng pagtupad sa napagkasunduan.

Ang mga Kabutihang-asal at ang mga Kagandahang-asal¹⁴

37. Batiin mo ang mga anak mo ng *assalámu ‘alaykum*.
38. Huwag kang magpabaya sa malantad ang *‘awrah*¹⁵ mo sa harap ng mga anak mo.
39. Magmagandang-loob ka sa mga kapit-bahay mo.
40. Ituro mo sa anak mo ang mga karapatan ng kapit-bahay at ang panganib ng pamiminsala roon.

¹⁴ Tingnan ang talababa 12.

¹⁵ Bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng iba maliban sa asawa.

41. Magpakabuting-loob ka sa mga magulang mo, makipag-ugnayan ka sa mga kaanak mo at isama mo ang mga anak doon.
42. Ipatatid mo sa mga anak mo na naiibigan ng mga tao ang batang matino na hindi namiminsala ng iba.
43. Sumulat ka ng isang liham para sa anak mo na naglalaman ng ilang mga kagandahang-asal, mga payo at mga tagubilin.
44. Ipag-iwanag mo sa mga anak mo na ang ilan sa mga pag-uugali ay lubusang inaayawan at banggitin mo sa kanila ang mga kadahilanan niyon.
45. Umupo ka kasama ng mga anak mo. Magbasa ka sa tuwina tungkol sa isang kagandahang-asal ng Propeta (SAS). Tanungin mo sila kung ano ang mabuting natutunan nila. Maaari mong gawin na ang anak mo ay magbabasa at ikaw naman ay makikinig.
46. Payuhan mo nang palihim ang anak mo at huwag mo siyang parusahan sa harap ng iba.
47. Huwag mong dalasan ang paninisi sa abot ng makakaya mo.
48. Humingi ka ng pahintulot sa anak mo bago ka pumasok sa silid niya sapagkat tunay na iyan ang pinakamainam na pamamaraan ng pagtuturo sa kanya ng paghingi ng pahintulot.
49. Huwag mong asahan na maunawaan ng anak sa unang pagkakataon ang ninanais mo. **Ipag-utos mo sa mag-**

anak mo ang pagdarasal at magpakamatiisin ka alang-alang dito.¹⁶

50. Huwag mong kalimutan na magsabi ng *bismilláh* sa pamamagitan ng narinig na tinig bago kumain at gayon din ang *alhamdulillah* matapos kumain.
51. Ipagwalang-bahala mo ang ilang pagkakamali ng anak mo at huwag mong gawin ang dibdib mo na alkansiya para pag-imbakan ng mga kamalian.
52. Humingi ka ng paumanhin sa anak mo kapag ikaw ay nagkamali.
53. Himukin mo ang anak mo na maging natatangi at sabihin mo sa kanya: “Nalalaman ko na ikaw ay isang nata-tanging bata at makakaya mong gawin iyon.”
54. Bigyan mo ang mga anak mo ng kaunting *privacy*.
55. Huwag mong kutyain ang pananalita ng anak mo o ang mga pag-uugali niya.
56. Turuan mo ang anak mo ng mga pagpapahayag ng pag-bati (*congratulation*), ng pagsalubong at ng pagpipitagan.
57. Huwag kang magpakalabis sa pagpapalayaw sa anak mo.
58. Huwag mong pahiratiin ang anak mo sa udyok ng materyal para sa pagganyak sa kanya sa paggawa ng anumang bagay sapagkat tunay na iyan ay magpapahina sa personalidad niya sa harap ng materyal.
59. Gawin mo ang anak mo na numero unong kaibigan mo.

¹⁶ Qur'an 20: 132.

Ang Kayariang Pangkatawan

60. Bigyan mo ang anak mo ng sapat na oras sa paglalaro.
61. Pagkalooban mo ang anak mo ng mga kapaki-pakinabang na laruan.
62. Gawin mo na siya mismo ang pipili sa ilan sa mga laruan niya.
63. Turuan mo ang anak mo ng paglangoy, pagtakbo at ilang larong pampalakas.
64. Gawin mo na ang anak mo ay manalo sa iyo paminsan-minsan sa ilang mga laro.
65. Pagkalooban mo ang anak mo ng balanseng pagkain.
66. Pahalagahan mo ang pangangasiwa sa mga oras ng pagkain ng anak mo.
67. Pagbalaan mo ang anak mo laban sa pagpapalabis sa mga pagkain.
68. Huwag mong tuusin ang anak mo sa mga pagkakamali niya sa sandali ng pagkain.
69. Ihanda mo ang pagkaing naiibigan ng anak mo palagi.

Ang Kayariang Sikolohikal

70. Makinig ka nang maigi sa anak mo at pahalagahan mo ang bawat salita na sasabihin niya.
71. Gawin mo na ang anak mo mismo ang humarap sa mga problema niya. Maaaring magbigay ka sa kanya ng tulong nang hindi niya nararamdaman.
72. Igalang mo ang anak mo at pasalamatán mo siya kapag hinusayan niya ang anumang gawain.

73. Huwag mong itulak ang anak mo sa panunumpa; bagkus ay sabihin mo sa kanya: “Ako ay naniniwala sa iyo kahit hindi ka sumumpa.”
74. Iwasan mo ang mga salitang nagbibigay-babala at nagbabanta.
75. Huwag mong ipadama sa anak mo na siya ay isang masamang tao o isang bobo na hindi nakauunawa.
76. Huwag kang masuya sa dami ng mga tanong ng anak mo. Sikapin mong sagutin ang lahat ng itinatanong niya sa pamamagitan ng simple at kapani-paniwalang mga sagot.
77. Yapusin mo ang anak mo sa dibdib mo at magpadama ka sa kanya ng pagmamahal at pagkagiliw.
78. Magpamungkahi ka sa anak mo sa ilang bagay at gawin mo ang mungkahi niya.
79. Magpadama ka sa anak mo ng ilang antas ng kalayaan sa paggawa ng mga kapasyahan.

Ang Kayariang Panlipunan

80. Ipatala mo ang mga anak mo sa mga *summer camp*, mga pagtitipon sa pagpapasaulo ng Qur'an, mga paligsahang pangkaalaman, mga *camping* at iba pang mga aktibidad.
81. Gawin mo na ang anak mo mismo ay babalik sa pag-asikaso sa mga panauhin gaya ng pagbibigay sa kanila ng tsa, kape at prutas.
82. Salabungin mo ang anak mo kapag pumapasok sa iyo samantalang ikaw ay kasama ng mga kaibigan mo.

83. Gawin mo na ang anak mo ay makasali sa mga panlipunang aktibidad ng masjid tulad ng pangangalap ng pondo sa pangangalaga ng mga ulila at mga balo.
84. Sanayin mo ang anak mo sa paggawa, pagtitinda, pagbili at halál na pagkita.
85. Gawin mo na ang anak mo ay makatalos paminsan-minsan sa mga pasakit ng ibang mga tao at sikapin niya na pagaanin iyon sa kanila.
86. Huwag mong gawin na ang anak mo ay papasan sa mga alalahanin ng mundo.
87. Gawin mo na ang anak mo ay makakita sa mga bunga ng mga panlipunang gawain mo.
88. Ipadala mo ang anak mo para tugunin ang ilang pangangailangan at ipadama mo sa kanya ang tiwala mo sa kanya roon.
89. Huwag kang tumutol na mamili ang anak mo mismo ng mga kaibigan niya. Maaari mong gawin na siya ang pipili mula sa mga ninanais mo nang hindi niya nadarama iyon.

Ang Kayariang Pangkalusugan

90. Pahalagahan mo ang kalusugan ng mga anak mo.
91. Huwag mong pabayaang mga pagpapabakuna sa mga takdang panahon ng mga ito.
92. Huwag kang magpalabis sa pagbibigay ng mga gamot malibang ayon sukat na ipinahihintulot.

93. Gamitan mo ang anak mo ng mga ruqyah¹⁷ na alinsunod sa Shari'ah.
94. Pahiratiin mo ang mga anak mo sa pagtulog nang maaga at paggising nang maaga.
95. Gawin mo na ang anak mo ay nagpapahalaga sa kalinisan ng katawan niya, mga ngipin niya at mga kasu-utan niya.
96. Huwag kang maghintay hanggang sa lumala ang karamdaman.
97. Ilayo mo ang mga anak mo sa may nakahahawang sakit.
98. Huwag mong ipadama sa anak mo ang panganib ng karamdaman niya.
99. Dumulog ka kay Allah sapagkat tunay na nasa kamay Niya ang kagalingan ng lahat ng karamdaman.

Ang Kayariang Pang-edukasyon

100. Bigyan mo ang anak mo ng ilang palaisipan.
101. Hilingin mo sa kanya na magsulat ng ilang paksa.
102. Sikapin mo na basahin palagi ang isinusulat ng anak mo.
103. Huwag mong pansinin ang bawat kamaliang pambalarila o pangwika na kinasasadlakan ng anak mo.
104. Himukin mo ang anak mo sa pagbabasa.
105. Gawin mo na siya ang pipili ng mga aklat at mga kuwento na ninanais niyang basahin.

¹⁷ Talata mula sa Qur'an o panalangin ng Propeta (SAS) na binibigkas para lunasan ang mga karamdamang sikolohikal at pisikal.

106. Makisali sa anak mo sa pagbabasa ng anuman.
107. Dalhan mo ang mga anak mo ng mga laruan na pam-patalino.
108. Udyukan mo ang anak mo na magtagumpay sa pag-aaral.
109. Gawin mo na ang anak mo ay manaig sa mga balakid na humahadlang sa harap ng pangigingibabaw niya sa pag-aaral.
110. Himukin mo ang anak mo na magsaulo ng ilang tula ng mga sinauna at mga makabago at mga kawikaan nila.
111. Himukin mo siya na magsaulo ng ilang kasabihang Arabeng klasikal.¹⁸
112. Sanayin mo ang anak mo sa mga sining ng pagtalumpati at pagpapahayag.
113. Sanayin mo siya sa mga sining ng pakikipagtalakayan at pagkumbinsi.
114. Gawin mo na siya ay makasali sa ilang seminar ng pagpapalago ng mga sariling kakayahan.
115. Himukin mo ang anak mo na magpakahusay sa isang tanyag na wikang dayuhan.

Ang Gantimpala at ang Parusa

116. Gamitin ang pamamaraan ng gantimpala at parusa.
117. Maggantimpala ka palagi at huwag kang magparusa palagi.

¹⁸ Para sa Pilipino, **Himukin mo na mag-aral ng wikang Arabe.**

118. Iba-ibahin mo ang pamamaraan ng paggantimpala nang sa gayon ang paggantimpala ay hindi magiging palaging pera, bagkus maaaring ito ay isang piknik o pagpapahintulot na maglaro sa *computer* o isang regalo o pamamasyal kasama ng isang kaibigan.
119. Iba-ibahin mo ang pamamaraan ng parusa. Ang pamamalo ay hindi ang kanais-nais na pamamaraan para sa iyo sapagkat tunay na mayroon namang galit na naipapakita sa tingin, pagsawata sa pamamagitan ng salita, di-pagpansin sa loob ng takdang panahon, at pagkakait ng isang bahagi ng pang-araw-araw na gastusin o ng lingguhang pamamasyal.
120. Pakaalamin mo na ang parusang naaangkop ang siyang pumipigil sa pag-ulit-ulit ng kamalian at nagtutulak sa tama.
121. Tandaan mo na ang Propeta (SAS) ay hindi namalo ng isang bata kailanman.
122. Huwag kang magparusa sa unang pagkakataon.
123. Huwag kang maging mabagsik sa pagpaparusa mo.
124. Kapag pinarusahan mo ang anak mo ay ipaliwanag mo sa kanya ang kadahilanan ng pagpaparusa mo sa kanya.
125. Huwag mong gawin na ang anak mo ay makadarama na ikaw ay nasasarapan sa pagpaparusa sa kanya o nagkikimkim sa kanya ng anumang pagkamuhi.
126. Huwag mong paluin ang anak mo sa harap ng mga tao at huwag mo siyang paluin sa sandali ng pagkagalit.
127. Huwag mong paluin ang anak mo sa mukha niya at huwag kang magbuhat ng kamay mo nang higit sa

kinakailangan nang sa gayon ay hindi mag-ibayo ang sakit.

- 128.** Huwag kang mamalo matapos ng pangako mo na hindi mamalo nang sa gayon ay hindi mawala ang tiwala niya sa iyo.
- 129.** Ipadama mo sa anak mo na ikaw ay nagpaparusa sa kanya para sa kapakanan niya at na ang pagmamahal mo sa kanya ang nag-udyok sa iyon doon.

Bumagsik upang magsawata, at sinumang desidido ay bumagsik paminsan-minsan sa kinaaawaan

- 130.** Ipaalam mo sa kanya na ang parusa ay hindi isinabatas para magpahirap; isinabatas lamang ito upang mag-disiplina.

Hinihingi natin kay Allah ang patnubay at, ang pananagumpay at ang katumpakan. Pagpalain ni Allah at batiin ang Propeta natin na si Muhammad.

من معالم المنهج النبوي في تربية الأبناء
الدكتور عادل الشدي

**Ilan sa mga Tampok sa Pamamaraang
Pampropeta Sa Edukasyon ng mga Anak**

Dr. ‘Ádil ash-Shaddí

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol sa uliran ng mga tumatahak, at gayon din sa mag-anak niya at lahat ng Kasamahan niya.

Ito ay isang *portfolio* na pang-edukasyon na nilalayon ang pag-angat ng antas ng edukasyon ng mga bata sa lipunan natin. Dahil doon lubhang natural na ang unang mensahe dito ay sumasaling sa ilan sa mga tampok sa pamamaraang pampropeta (SAS) sa edukasyon ng mga bata at mga kabataan dahil sa mga kadahilanang gaya ng:

1. Na hindi naisagawa ng isa sa sangkatauhan ang pagdudulot ng edukasyon sa mga bata at mga teenager sa paraang higit na mainam kaysa sa paraan niya (SAS);
2. Na tayo ay inuutusan ni Allah na tularan siya (SAS) sa lahat ng aspeto ng buhay natin at isa sa napakahalaga sa mga aspeto na ito ay ang edukasyon ng mga bata at mga kabataan. Nagsabi si Allah (33:21): **Talaga ngang mayroon kayo sa Sugo ni Allah na isang ulirang**

maganda para sa sinumang nag-aasam kay Allah at sa Huling Araw;

3. Ang paglayo ng marami sa atin sa pamamaraang pampropeta sa edukasyon kapag dinudulutan nila ng edukasyon ang mga anak nila;
4. Ang pagkasilaw ng marami sa atin—kabilang sa kanila ang ilan sa mga nagpakadalubhasa—sa mga teoriya at mga istilo sa edukasyon na binalangkas ng mga kapanahon na mga kanluranin, habang nalingat sila na ang mga saligan ng marami sa mga istilo at mga teoriya na ito ay matatagpuan sa Sunnah¹⁹ ng Propeta natin na si Muhammad (SAS).

Ang Unang Tampok Ang Pagpapahalaga sa Kapaniwalaan

Ito ang mahalagang tungkulin para sa bawat Muslim na edukador. Ito ang layunin na alang-alang doon ay nilikha ni Allah ang mga nilikha gaya ng sinabi Niya (51:56): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang**

¹⁹ Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay ang “kalakaran” o “pamamaraan” ni Propeta Muhammad (SAS). Tumutukoy ito sa **sinabi**, **ginawa**, at **sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS) at pati na sa **paglalarawan** sa kanya. Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng **Hadith** o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman na may maliit na titik na **s** ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa. Ang Tagapagsalin.

sambahin nila Ako. Ang layunin na alang-alang doon ay ipinadala ang mga sugo (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan²⁰ ng isang sugo na nagsasabi: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang nagdidiyus-diyusan.”**

Talaga ngang ang Propeta (SAS) noon ay masigasig sa paghahangad na mahumaling ang mga puso ng mga bata at mga kabataan kay Allah lamang nang walang katambal sa Kanya, gaya ng nasaad sa sabi niya kay Ibnu ‘Abbás noong ito ay isang batang maliit pa: *Pangalagaan mo [ang karapatan] ni Allah, pangangalagaan ka Niya. Pangalagaan mo [ang karapatan] ni Allah, masusumpungan mo Siya sa harap mo. Kapag humingi ka ay humingi ka kay Allah. Kapag nagpatulong ka ay magpatulong ka kay Allah. Kilalanin mo si Allah sa kasaganaan, makikilala ka Niya sa kagipitan. Alamin mo na ang Kalipunan, kung sakaling nagsama-sama sila upang pakinabangin ka ng isang bagay ay hindi ka nila pakikinabangin maliban ng isang bagay na naitakda ni Allah para sa iyo; kung nagsama-sama sila upang pinsalain ka ng isang bagay ay hindi ka nila pipinsalain maliban ng isang bagay na naitakda ni Allah para sa iyo. Alamin mo na ang pagwawagi ay kasama ng pagtitiis, at na ang ginhawa ay kasama*

²⁰ Ang Kalipunan ay salin ng salitang Arabe na *ummah* na nangangahulugan ng: Isang pangkat ng mga tao na ipinagbubuklod ng isang kalagayan na gaya ng relihiyon o pook o panahon. (Al-Mu‘jam al-Wasít, p. 27.) Ang tinutukoy ng Kalipunan sa aklat na ito ay ang Komunidad ng mga Muslim. Ang Tagapagsalin.

ng dalamhati. (Isinalaysay ito nina Imám Aḥmad at Imám at-Tirmidhí.)

Gayon ang pagpapahalaga ng Propeta (SAS) noon sa kapaniwalaan ng mga bata. Tungkol naman sa ngayon, ang higit na marami sa atin ay nagpapabaya sa usapin ng kapaniwalaan. Kabilang dito ang pananampalataya sa pagtatadhana at pagtatakda, at na ang lahat ng bagay ay nasa kamay ni Allah. Kaya naman bakit hindi arugain ang mga anak batay roon?

Ang Ikalawang Tampok Ang Pagpapahalaga sa Pagdarasal

Ang atas pang-edukasyong pampropeta (SAS) ay nag-sasabi: ***Ipag-utos ninyo sa mga anak ninyo ang pagdarasal kapag pitong taon na at paluin ninyo sa hindi pag-sasagawa niyon kapag sampung taon na.*** (Isinalaysay ito nina Imám Aḥmad at Imám Abú Dáwud.) Nasaad ba ang pag-uutos na paluin ang bata sa iba pa sa kalagayang ito mula sa Sunnah ng Propeta (SAS)? Sa pagtutuos ng kaa-laman ko ay hindi nasaad. Iyon ay walang iba kundi para sa pagbibigay-diin sa bigat ng kahalagahan ng pagdarasal. Ang pamamalo na ito ay hindi darating kung hindi matapos na dumaan ang higit sa 1,060 araw (3 taon) mula ng ipag-utos [ang *ṣaláh* sa] batang may isip na. Uulit-ulitin ang utos nang nalalapit sa 5,300 ulit ayon sa bilang ng mga dasal sa yugtong iyon kasabay ng pagkakita ng bata sa ama niya at ina niya na nagdarasal sa harap niya sa maraming pagkaka-taon.

Ang pagkalisya ng mga anak, ang pagkalapastangan nila at ang hindi nila pananagumpay sa pag-aaral nila, lahat ng bagay na ito ay mayroong tuwirang pagkakaugnay sa pag-sasagawa ng dasal at pangangalaga rito o pagpapabaya rito. Kung sakaling nagsagawa ka ng isang makaagham na pang-edukasyong pag-aaral tungkol sa epekto ng pagdarasal sa pagkamatuwid ng mga bata at pangingibabaw nila sa pag-aaral, talagang may lilitaw sana na mga dokumentadong resulta na nagpapakita ng pagkakaugnay ng pagdarasal sa tagumpay at pagpasa ayon sa masaklaw na kahulugan nito.

Ang Ikatlong Tampok Ang Pag-iingat ay Mainam Kaysa sa Paglulunas

Nakasalalay ang edukasyong pampropeta para sa mga bata at mga kabataan sa pagpapauna sa pag-iingat kaysa sa paglulunas. Kaya maglalagay tayo ng bakod na nagsa-sanggalang, ayon sa kakahintulutan ni Allah, sa mga anak sa pagkasadlak sa mga panganib.

Kabilang sa napakatanyag sa mga kamalian natin sa edukasyon sa ngayon ay ang pagpapabaya sa bahaging pampag-iingat at ang hindi pagbibigay-pansin, malibang kapag nasasadlak na ang mga anak sa panganib at saka tayo magsisikap sa paghahanap ng kalunasan pagkatapos niyon.

Alinsunod dito, maaari nating maunawaan ang sabi ng Propeta (SAS) kaugnay sa mga anak na tumuntong sa ika-sampung taong gulang: ***Paghiwalayin ninyo sila sa mga higaan***, at ang pagbaling niya ng mukha ni al-Fadl ibnu

‘Abbás noong ito noon ay isang kabataang mababang gulang. Iniangkas Niya ito sa dakong likuran niya nang dumating ang isang babaing Khath‘amita na nagtatanong sa kanya. Tinagalan ni al-Fadl ang pagtingin sa babae kaya ibinaling palayo ng Sugo (SAS) ang mukha nito.

Itinapon niya ito sa dagat na nakagapos at nagsabi rito:
kaingat ka, kaingat ka na mabasa ng tubig.

Ang pagpapabaya sa pag-iingat: Mga *satellite channel* na pinanunuod ng mga batang lalaki at mga batang babae nang walang mga kontrol. Ang ilan sa mga ito ay sukduhan sa kahalayan at panganib sa isip at asal. Lubos na pakikipag-unay nang walang mga kontrol sa pamamagitan ng *internet* sa sinumang ninanais nila. *Cellphone* na bukas sa lahat ng oras nang walang pagsubaybay at pagbantay. Kaya nasaan na ang pagtulad sa pamamaraang pampropeta sa pag-iingat sa mga gawaing ito.

Hindi maiiwasan ang pagsasaalang-alang sa edad at kahinugan ng isip sa paggamit ng mga bagay na ito. Ang *internet*, halimbawa, ay bakit nasa silid tulugan ng isang batang lalaki at isang batang babae? Bakit ginagamit sa lahat ng oras nang walang pagsubaybay? Bakit hindi ito nasa sala ng bahay, halimbawa, at gagamitin ng lahat at aalamin ng ama at ina ang pansariling password ng lalaking anak nila at babaing anak nila alang-alang sa ikapapana-tag at pagsubaybay matapos ang talakayang makakakumbinsi sa kahalagahan ng hakbang na ito?

Ang Ikaapat na Tampok

Ang Pagbibigay ng Pagkakataon sa Pakikipag-usap

Ano kaya kung sakaling dumating ang anak ng isa sa atin isang araw at nagsabi ito sa iyo: Payagan mo po ako na uminom ng alak o gumamit ng mga bawal na gamot o gumawa ng kahalayan ng pangangalunya? Pakupkop tayo kay Allah laban doon Sa palagay mo papaano ang magiging tugon? Ang ilan sa mga anak na nag-iisip ng mga bagay na ito at iba pa ay hindi magsasabi nang tapat nito sa mga magulang nila. Dudulog sila sa mga kabarkada nila na marahil ay tutulong sa kanila roon dahil sa kahinaan ng kabatiran nila at kakauntian ng karanasan nila. Ngunit ang Propeta (SAS) ay humarap sa katulad na hiling sa paraang naiiba. Inilahad ni Imám Aḥmad ayon kay Abú Umámah: “Na may isang binatang kabataan na pumunta sa Propeta (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Allah, ipahintulot mo sa akin ang pangangalunya. Kaya naman nilapitan ito ng mga tao at sinumbatan ito. Nagsabi siya: **Palapitin siya.** Kaya lumapit ito sa kanya sa tabi at nagsabi siya: **Umupo ka.** Umupo ito at nagsabi siya: **Ibigin mo ba iyon sa ina mo?** Nagsabi ito: Hindi, sumpa man kay Allah; gawin ako ni Allah na panubos sa iyo. Nagsabi siya: **At walang mga tao na iibigin iyon para sa mga ina nila, kaya iibigin mo ba iyon para sa babaing kapatid mo, para sa babaing anak mo, para sa tiyahin mo sa ama, para sa tiyahin mo sa ina...** Ang kabataan ay tumutugon sa kanya ng mismong naunang sagot. Kaya ipinatong niya ang kamay niya rito at nagsabi: **O Allah, patawarin Mo ang pagkakasala niya, dalisayin**

Mo ang puso niya at patatagin mo ang kabinihan²¹ niya.

Sinabi: Kaya ang binata matapos niyon ay hindi na lumilingon sa anuman.” Isinalaysay ito ni Imám Ahmad.

Pansinin mo rito na pinanumbalik niya ang pagkakabuo ng pag-iisip ng binata at nilinaw niya rito ang mga aspeto na hindi napansin nito sa usapin. Kung sakaling ang kabataang ito ay hindi nakaaalam na ang Propeta ay nagbibigay sa kanya ng lubos na pagkakataon sa malayang pakikipag-usap, talagang hindi na sana naglakas-loob ito at humiling mula sa pinakadalisay na nilikha ng kapahintulutan sa pangangalunya.

Katapat niyon, may isang ama na nagpalayas sa bahay sa *teenager* na anak niya na hindi pa lumalampas ang edad sa labing-anim taon dahil lamang sa paglalakas-loob nito sa pagsasabing: Ako ay malaya. Iyon ay noong kinausap ito ng ama nito tungkol sa dahilan ng pagkahuli niya sa pag-uwi sa bahay. Kaya nagpagala-gala ito sa ilan sa mga kaanak nito nang ilang magkakasunod na araw hanggang sa naisagawa ang pagkakasundo sa pagitan nito at ng ama nito matapos na gumuho ang mainit na relasyong nakabatay sa tapatang pag-uusap sa pagitan ng ama at anak. Tama na ang anak ay nagkamali ngunit ang pagkakamali ng ama ay higit na malaki.

Kay rami ng pangangailangan natin sa ngayon sa pakikipag-usap at pakikipagtalakayan sa mga anak ngunit sa paraan ayon kay Muhammad (SAS), na nailahad natin ang

²¹ Ang kabinihan na tinutukoy rito ay ang paglayo sa pangangalunya at ito ay hindi lamang ukol sa babae kundi sa lalaki rin.

isang anekdota mula roon, hindi ayon sa paraan ng Paraon na nasaad na nagsasabi (40:29): **“Wala akong ipinakikita sa inyo kundi ang nakikita ko at wala akong ipinapatnubay sa inyo kundi ang landas ng kawastuhan.”** Ito ang pamamaraan na nagdidikta sa mga anak ng mga pagpipilian na hindi nila tatanggapin.

Ang Ikalimang Tampok Ang Pagtutuos na Katamtaman

Ang mga tao, sa usapin ng pagtutuos, ay dalawang magkabilaang panig. Mayroon sa kanila na nagkukulang: nagpapalayaw sa mga anak at hindi tinutuos ang mga ito. Ito ay isang pagkukulang na pinupulaan. Mayroon sa kanila na ang isa sa nakagawian niya ay ang pagtutuos sa bawat maliit at malaki. Ito naman ay isang paglalabis na pinupulaan sa pagtutuos. Ang pagpapakakatamtaman ay ang pamamaraang makapapropeta sa usaping ito.

Tinutuos niya noon ang mga kabataan sa mga pagkakamali nila ayon sa paraang katamtaman na walang pagpapalabis o pagkukulang. Ang antas ng pagtutuos ay hindi naging isa, bagkus ay nagkakaiba ayon sa pagkakaiba ng antas ng pagkakamali at panganib nito. Ang may pagkakamali ba ay nagpupumilit roon o nagsisi na roon? Siya ba ay di-nakaaalam o nananadya? At mga tulad niyon na isinasaalang-alang niya (SAS) sa pagdudulot niya ng edukasyon sa mga kabataan. Kabilang doon ang pagtutuos niya kay Mu‘ádh ibnu Jabal. Ito noon ay isang kabataang may murang edad na namumuno sa pagdarasal ng mga kalipi

nito. Pinahahaba niya ang dasal sa kanila kaya nagsabi siya rito: ***Mapagpahirap ka ba, o Mu'ádh?*** Hindi siya nanahimik sa pagkakamali nito at hindi niya ito pinanagot ng higit sa mababata nito.

Bagkus siya noon ay nagkakasya paminsan-minsan sa pananahimik at pagpapakita ng galit sa mukha niya. Kabilang doon ang isinalaysay ni 'A'ishah (RA)²² nang ito ay bumili ng isang almuhadon na may mga larawan: “Kaya noong nakita ito ng Sugo ni Allah (SAS) ay tumayo siya sa pinto at hindi pumasok. Nagsabi ito: At nabatid ko sa mukha niya ang pagkainis kaya nagsabi ako: O Sugo ni Allah, nagbabalik-loob ako kay Allah at sa Sugo Niya ngunit ano ang ipinagkasala ko? ***Ano ang mayroon sa almuhadon na ito?...***” Ang Hadith ay isinalayay ni Imám Muslim.

Katapat niyon, tumindi ang pagtutuos ng Propeta (SAS) kay Usámah ibnu Zayd noong namagitan ito isang araw sa isang takdang parusa mula sa mga takdang parusa ni Allah nang ginawa siyang tagapagitna ng ilang tao upang hilingin sa Propeta (SAS) ang hindi pagputol sa kamay ng babaing Makhzúmita na nagnakaw. Kaya naman nagalit rito ang Propeta (SAS) at nagsabi: ***Namamagitan ka ba sa isang takdang parusa mula sa mga takdang parusa ni Allah?*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

²² (RA): ***Radiyalláhu 'Anhu*** para sa lalaki, ***Radiyalláhu 'Anhá*** para sa babae, ***Radiyalláhu 'Anhum*** para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Masiyahan nawa sa kanya (o kanila) si Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o ang taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

Ang Ikaanim na Tampok

Ang Pagkakaloob sa Kanila ng Tiwala sa Sarili

Kapag idinaing natin ang kahinaan ng tiwala ng mga bata at mga kabataan sa mga sarili nila, o kapag nagsagawa tayo ng paghahambing sa tiwala ng mga bata sa Kanluran sa mga sarili nila at kakayahan nila sa pagpapahayag sa nadarama nila, at sa pagkawala naman sa marami sa mga anak natin ng mahalagang katangiang ito ay kailangan natin na pumunta sa paaralan ng edukasyong pampropeta yamang nilulunasan nito ang sakit na iyon sa paraang praktikal.

Tunay na ang tiwala ng anak ko at ng anak mo sa sarili ay namumutawi mula sa paggalang nito sa sarili nito at sa pagkadama nito ng kahalagahan niyon. Ngunit papaanong madarama nito iyon samantalang tayo nga sa maraming pagkakataon ay hindi nakadarama sa kahalagahan at paggalang?

Tayo ba ay magpapahintulot sa mga anak natin na magpahayag ng mga sarili nila, magbibigay sa kanila ng pagkakataon na pumili at hihingi ng pahintulot sa kanila sa mga bagay na nauukol sa kanila? O ang pagsupil, ang panlalait, ang pagkakait ng mapamimilian at ang hindi pagsaalang-alang sa pahintulot nila—sa mga pansariling kapakanan nila—ay ang umiiral sa nakararami sa atin sa pamamagitan ng tinatawag ng ilang mananaliksik na Kultura ng Pagpapatahimik.

Hinandugan ang Propeta ng isang mangkok na gatas, at uminom siya mula rito habang sa gawing kanan niya ay may isang batang lalaki na pinakabata sa mga tao at sa ga-

wing kaliwa niya ay ang mga matanda. Nagsabi siya sa batang lalaki: ***Magpapahintulot ka ba sa akin na bigyan ko ang mga ito?*** Kaya naman nagsabi ang batang lalaki: Sumpa man kay Allah, o Sugo ni Allah, hindi ako magbigay ng bahagi ko mula sa iyo sa isa man. Kaya inilagay ito ng Sugo ni Allah (SAS) sa kanang kamay niyon. Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Sa salaysay na ito ay mayroong apat na pahiwatig na pang-edukasyon sa pagpapalago ng paggalang ng mga bata sa mga sarili nila at pagkadama nila ng kahalagahan:

- A. Papaano humahantong ang isang maliit na batang lalaki sa pag-upo sa tabi ng Propeta (SAS), bagkus ay sa kanan pa niya mismo at siya ang pinakamainam sa mga tao at nasa piling nila ang mga matanda?
- B. Aling tiwala sa sarili ang lumalago noong humihingi ng pahintulot ang Sugo ni Allah (SAS) sa isang maliit na batang lalaki na magpaparaya sa karapatan niya sa pag-inom pagkatapos niya samantalang ito ay isang usaping hindi malaki at hindi pangunahin?
- C. Papaanong humantong ang tiwala sa mga sarili ng mga bata sa paaralan ng Propeta (SAS) sa kakayahang tumanggi sa isang hiling na nagbuhat sa Propeta nang may katatagan kalakip ng kakayahan sa pagdadahilan na katanggap-tanggap?
- D. Ang gawa ay higit na magaling mangusap kaysa sa salita sa pagdudulot ng edukasyon. Dahil doon ay nagsabi ang tagapagsalaysay: “Kaya inilagay ito ng Sugo ni Allah (SAS) sa kanang kamay niyon.” Ibig sabihin ay iniabot niya ang mangkok upang ipadama rito ang

pagkakumbinsi niya sa katwiran nito at ang paggalang niya rito.

Hindi nalilimitahan ang usapin sa paaralan ng Propeta (SAS) sa pagpapadama sa mga kabataan sa kahalagahan ng paggalang, bagkus ang tiwala nila noon sa mga sarili nila ay pinalalago sa pamamagitan ng mga karanasang pangkaalaman sa pamamagitan ng pagpapahawak sa kanila ng mga pananagutang naaangkop sa mga kakayahan nila.

Heto si Mu‘adh ibnu Jabal, namumuno na sa pagdarasal ng mga tao samantalang siya ay isang kabataang may murang edad sapagkat ang gawaing ito ay naaangkop sa mga kakayahan niya. Ito namang si Usámah ibnu Zayd ay namumuno sa hukbo na kabilang rito ang malalaking mga Kasamahan (RA) samantalang siya ay hindi pa lumalampas sa gulang na labimpito. Bakit? Upang lumago ang tiwala niya sa sarili niya at makinabang sa kanya ang lipunan pagkatapos niyon. Bago silang dalawa ay si ‘Alí ibnu Abí Tálib. Natulog siya sa higaan ng Propeta (SAS) noong gabi ng paglikas. Iyon ay isang malaking pananagutan na humihiling ng katapangan at pagpapakasakit. At iba pa.

Tungkol naman sa ngayon, ang kalagayan ng nakarami sa atin sa harap ng mga anak nila ngayon ay ang hindi pagtitiwala sa mga ito at ang hindi pagpapahawak sa kanila ng kahit napakaliit na mga pananagutan.

Ang Ikapitong Tampok Ang Pagtutuon sa Magandang Pag-uugali

Ang bata ay may pangangailangan sa pagtutuon sapagkat ang kabatiran niya ay kaunti pa at dahil sa ang puso at ang isip sa kadalasan ay tinatahanan ng sinumang nauuna rito sa pagtutuon at pagtuturo. Dahil dito, ang pagdudulot niya (SAS) ng edukasyon sa mga bata noon ay nakabatay sa pagpapasimula sa pagtutuon sa kanila sa mga kagandahang-asal at mga magandang ugali.

Kabilang doon ay ang sabi niya kay Hasan ibnu ‘Alí noong ito noon ay bata pa: *Iwan mo ang nagpapaalinlangan sa iyo patungo sa hindi nagpapaalinlangan sa iyo sapagkat tunay na ang pagtototoo ay kapanatagan at ang pagsisinungaling ay pag-aalinlangan.* Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí at pinagtibay na tumpak ni al-Albání. Naisaulo ito ni Hasan dahil ito ay naikintal sa isip niya noong pagkabata niya. Ang sabi naman ng Propeta (SAS) kay Ibnu ‘Umar noong ito noon ay isang kabataang may murang edad: *Sa mundo ay maging para bang ikaw ay isang banyaga o isang tumatawid sa daan.* Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí. Ang sabi niya sa batang si ‘Umar ibnu Abí Salamah noong nakita niya ang kamay nito na naglilikot sa plato: *O bata, banggitin mo ang ngalan ni Allah, kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo at kumain ka mula sa malapit sa iyo.* Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Isa sa nakalulungkot ay na kumakaunti patungo sa antas na sero paminsan-minsan ang pagpapahalaga ng ilan sa mga

ama at mga ina sa pagtutuon sa mga anak nila sa mga kagandahang-asal at mga magandang ugali. Gaya ng kapag nakakita ng isang magulang ang anak na isang mapang-away at marahas sa mga kapareho nito ay hindi niya itinutuon ito sa tama, o kapag nakita niya ito na isang mapagsarili na mapaghiwalay ay hindi niya itinutuon ito. At iba pang mga ugali na nangangailangan ng paglulunas at pagtutuon.

Ang Ikawalong Tampok Ang Paggantimpala sa Magandang Pag-uugali

Katapat ng pagtutuon sa mga kagandahang-asal at mga magandang ugali ay kailangan ang paggantimpala at ang pagtataguyod sa positibong gawain at magandang kaasalan ng mga bata sa pamamagitan ng pagpupuri at panalangin.

Nasasaad sa Sáhih al-Bukhári at Sáhih Muslim, ayon kay Ibnu ‘Abbás na nagsabi hinggil sa sanaysay ng isang magdamag na panunuluyan niya noong siya ay isang bata pa sa piling ng Propeta (SAS): “Kaya pumasok ang Propeta (SAS) sa palikuran at naglagay ako para sa Kanya ng ipanghuhugas. Nagsabi siya: ***Sino ang naglagay nito?*** Kaya ipinabatid nito. Nagsabi siya: ***O Allah, magpaunawa Ka sa kanya sa Relihiyon at magturo Ka sa kanya ng pagpapakahulugan.***” Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhári at Imám Muslim.

Samakatuwid ang dakilang panalangin ito ay isang gantimpala sa positibong gawa na isinagawa ng batang si Ibnu ‘Abbás at isang pagtataguyod sa positibong pag-uugali niya.

Gayon din itinaguyod ng Propeta (SAS) ang positibong pag-uugali na taglay ni Ja'far Ibnu Abí Tálíb na ihinalimbawa sa kagandahan ng kaasalan sa pamamagitan ng pagsabi niya (SAS): ***Nakahawig mo ang kaanyuan ko at ang kaasalan ko.*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.

Noong nakakita ang Propeta (SAS) ng positibong pag-uugali mula sa kabataang si Mu'ádh ibnu Jabal na ihinalimbawa ng kasigasigan nito sa Sunnah at ng dalas ng pakikipag-upo nito sa Propeta (SAS) ay nagsabi siya sa kanya bilang pagtataguyod: ***O Mu'ádh, tunay na ako ay umiibig sa iyo alang-alang kay Allah...*** Isinalaysay ito ni Imám an-Nasá'í at pinagtibay ito ni al-Albání na tumpak. Kaya may anong epektong iniwan dito ang pagtataguyod sa kaluluwa ni Mu'ádh.

Marami sa atin sa ngayon ay nakakikita sa anak niya na nagsasagawa ng mga positibong gawain at mga magandang ugali ngunit hindi itinataguyod ang mga ito dahil itinuturing ang paggawa ng mga ito na isang bagay na likas subalit siya ay pinagagalitan naman kapag iwinala niya ang mga ito: gaya ng paggalang at pagpipitagan sa matatanda, panginibabaw sa pag-aaral, pangangalaga sa pagdarasal, pagkamatapat, pagkamapagkakatiwalaan at iba pa.

Ang Ikasiyam na Tampok Ang Pagpapadama sa Kanila ng Pag-ibig at ang Pagkagiliw sa Kanila

A. Pagpapadama sa Kanila ng Pag-ibig at Pagsinta

Itinuturing na ang pangangailangan ng bata sa pagkadama ng pag-ibig, pagsinta at pagtanggap ng mga magulang at ng sinumang bumabalik sa edukasyon niya ay kabilang sa napakahalagang mga pangangailangan na humahantong ang pagkawala ng mga ito sa pagkabulabog ng normal na kayariang sikolohikal ng bata. Ang Propeta (SAS) noon ay bumubusog sa pangangailangang ito sa mga kaluluwa ng mga bata. Nasaad sa Sahih al-Bukhári na ang Propeta (SAS) ay yumapos kay Hasan ibnu ‘Alí noong ito noon ay isang bata pa at nagsabi: ***O Allah, tunay na ako ay umiibig sa kanya kaya ibigin Mo siya at ibigin Mo ang sinumang iibigin niya.*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.

Noong pumasok sa kinaroroonan niya si Al’aqra‘ ibnu Hábis at nakita nito na hinahalikan niya sa Hasan at Husayn ay nagsabi si Al’aqra‘: “Hinahalikan ba ninyo ang mga batang anak ninyo? Tunay na mayroon akong sampung anak; wala akong hinalikan na isa sa kanila kailanman.” Nagsabi siya (SAS): ***At ano ba ang magagawa ko sa iyo kung si Allah ay nag-alis mula sa puso mo ng awa?”*** Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhári at Imám Muslim.

Gaano siya naging marunong na tagapagdulot ng edukasyon noong siya ay tumutugon sa tanong ni Al’aqra‘ ibnu Hábis sa pamamagitan ng isang pagkagulat na isang napakamakahulugang sagot, na ang buod niyon ay ang pagka-

wala ng awa mula sa sinumang hindi nahahabag sa mga maliit na anak niya at hindi nagpapadama sa kanila ng pag-ibig. Ito ang awa na nagbabala ang Propeta (SAS) laban sa pagkawala nito sa sandali ng pakikitungo sa mga nakababata. Sinabi niya: ***Hindi kabilang sa atin ang sinumang hindi naaawa sa bata sa atin.*** Isinalaysay ito nina Imám Ahmad, Imám Abú Dáwud at Imám at-Tirmidhí. Ito ang nagpaiyak sa kanya (SAS) dahil sa batang anak niya na si Ibráhím noong pumanaw iyon habang sinasabi niya: ***Tunay na ang mata ay talagang lumuluha at tunay na ang puso ay talagang nalulungkot ngunit wala kaming sasabihin kundi ang ikasisiya ng Panginoon namin, at tunay na kami sa pagkawalay sa iyo, o Ibráhím, ay talagang nalulungkot.*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

Aling pang-edukasyon at madamdaming pagbubusog ang nangyari kina Hasan at Husayn habang naririnig nilang dalawa ang Propeta na nagsasabi tungkol sa kanilang dalawa: ***Silang dalawa ay dalawang albahaka²³ ko sa mundo.*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.

Katapat niyon, aling pagkakait na emosyonal at pagkakamaling pang-edukasyon ang nagagawa ng isa sa atin kapag iniwasan niya ang pagpapahayag ng pag-ibig niya sa mga anak niya at ang pagpapakita ng mga damdamin ng pagmamalasaakit sa harap nila dahil sa pag-aakala niya

²³ Ang albahaka, o *basil* sa Ingles, ay isang mabangong halaman na ginagamit na rekado. Tinawag ng Sugo (SAS) na mga albahaka ang mga apo niyang sina Hasan at Husayn dahil nababanguhan siya sa mga ito at madalas niyang amoy-amuyin at halik-halikan.

na iyon ay mauwi sa pagpapalayaw sa kanila at pagkaka-lihis nila dahil doon o na iyon ay hindi nababagay sa edukasyon ng mga lalaki at sa paghahanda sa kanila sa buhay.

B. Pagkagiliw sa kanila, Pakikipagbiruan sa kanila at Pagkuha sa mga Puso Nila

Tunay na ang pagsasaalang-alang sa aspetong ito ay nagtulak sa Propeta (SAS) na magpatagal sa pagkapatirapa isang araw noong siya ay namumuno sa pagdarasal ng mga Muslim sa likuran niya. Bakit? Dahil may isang maliit na bata, na si Hasan ibnu ‘Alí, na sumakay sa likod niya at hindi niya niloob na putulin dito ang pagpapakasaya nito sa mga sandaling iyon na kasama siya yamang nagsabi siya sa mga tao pagkatapos ng dasal: ***Tunay na ang anak kong ito ay lumulan sa akin at kinainisan ko na madaliin ko siya.*** Isinalaysay ito nina Imám Aḥmad at Imám an-Nasá’í. Ang tanong dito ay kung sakaling nangyari ang tulad ng pangyayaring ito sa isa sa mga imám ng mga masjid natin ngayon, papaano ang gagawin niya? Papaano ang itutugon ng mga nagdarasal sa inasal niyon kung sakaling tinularan niya ang Propeta (SAS), patatagalin ba niya ang pagkapatirapa sa pagsasaalang-alang sa maliit na bata?

Ito noon ang kalagayan ng Propeta (SAS) sa pagkagiliw sa mga bata pati na sa pagdarasal. Kaya naman tunay na tayo ay hindi magtataka sa pakikipagbiruan niya sa mga bata at pagpapatawa niya sa kanila sa labas ng pagdarasal.

Nagpalabas ang Propeta (SAS) ng dila niya isang araw sa isang bata hanggang sa nakita ng bata ang kapulahan

ng dila niya. Isinalaysay ito ni Ibnu Hibbán. Sinasabi niya noon paminsan-minsan sa ilang bata: *Ang sinumang makahabol sa akin ay magkakaroon siya ng ganito.* Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. Walang duda na ang pagkagiliw at ang pakikipagbiruan na ito sa mga bata ay may malaking epektong pang-edukasyon sa mga kaluluwa nila yamang kikiling sila sa sinumang nagmamagiliw sa kanila at tatanggapin nila mula sa kanya ang hindi nila tinatanggap mula sa iba sa kanya.

Ang Ikasampung Tampok Ang Katarungan sa mga Anak

Ang mga bata ay mayroong matinding pandama sa pagtatangi sa pakikitungo ng mga ama at mga ina. Sa marami sa mga pangyayari ng pagkakamuhian at pagkapoot sa pagitan ng mga magkakapatid, ang pangunahing dahilan nito ay ang kawalan ng katarungan sa pagitan nila sa panig ng mga magulang.

Tunay na ang matinding pangamba sa pagkawala ng pagmamahal ng mga magulang at pagkalipat nito sa isa sa mga anak ay maaaring magtulak sa ibang mga anak sa pag-uugaling mapang-away sa kapatid na iyon gaya ng nangyari sa mga kapatid ni Jose (AS)²⁴ nang inakala nila nang mali na ang ama nila ay nagtatangi kay Jose nang higit sa kanila.

²⁴ (AS): ‘Alayhis Salám: Sumakanya ang Kapayapaan. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ng isang anghel o isang propeta bukod pa kay Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit.

Sinabi nila (12:8): **Talagang si Jose at ang kapatid niya ay higit na kaiibig-ibig sa ama natin kaysa sa atin, samantalang tayo ay isang nakararaming pangkat.**

Kaya nagbigay-daan ang damdaming iyon sa isang ugaling mapang-away sa kapatid nila na ihinalimbawa sa sabi nila (12:9): **Patayin ninyo si Jose o itapon ninyo sa *ibang lupain, malalaan para sa inyo ang pansin ng mukha ng ama ninyo.*** Ang nagtutulak sa kanila noon ay na makamit nila ang pag-ibig ng ama nila at ang pagpapahalaga niya pagkatapos maalis si Jose.

Nababanggit ng isang ama na isinama niya ang dalawang anak niya isang gabi sa labas ng bahay. Nagsaya sila ng gabing iyon sa panonood ng isang mahabang *film*. Nang mga sandaling iyon ay nakatulog ang nakababatang anak na umaabot ang edad sa walong taon. Kaya naman kinumutan ito ng ama ng *jacket* niya.

Matapos na nagwakas ang palabas ay binuhat ito ng ama papunta sa kotse. Nang mga sandaling pauwi na sa bahay sakay ng kotse ay tinanong ng ama ang nakatandang anak niya, na umaabot ang gulang sa labindalawang taon, matapos na nakita niya ang paglipad ng isip nito at ang pag-sasawalang-kibo nito sa pakinabang na nakuha nito mula sa *film* at kung nasiyahan ba siya roon. Ginulat ang ama ng tugon na walang anumang kaugnayan sa tanong: “Kukumutan mo ba ako ng *jacket* mo at bubuhatin ako tulad ng nakababatang kapatid ko kung sakaling nakatulog ako noong mga sandali ng panonood ng *film*?”

Dahil doon tunay na ang Propeta (SAS), noong pinunuhan siya ng ama ni an-Nu‘mán ibnu Bashír na nagna-

nais na pasaksihan sa kanya ang isang regalo na ibinigay nito sa anak nito na si an-Nu‘man, ay nagsabi: ***Binigyan mo ba ang nalalabing anak mo ng tulad niyon?*** Sinabi niyon na hindi. Nagsabi siya (SAS): ***Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah at maging makatarungan kayo sa mga anak ninyo.*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári. Na-saad sa isang sanaysay na siya ay nagsabi: ***Pasaksihan mo iyon sa iba sapagkat tunay na ako ay hindi sumasaksi sa kawalang-katarungan.***” Isinalaysay ito ni Imám Ahmád.

Ang Ikalabing-isang Tampok Ang Edukasyon sa Pamamagitan ng Huwaran

Lubhang mahalaga na nakikita ng bata ang mga ideyal na halimbawa na hinihiling isakatuparan, na natutupad sa tunay na buhay sa panig ng mga tao na itinuturing niya na huwaran para sa kanya sa pamamagitan ng mismong mga magulang at mga guro.

Ang edukasyon sa pamamagitan ng uliran ay kabilang sa napakatanyag na mga tampok sa mga pamamarang pampropeta sa pagdudulot ng edukasyon sa mga bata at mga kabataan sapagkat ang kabuuan ng mga gawain ng buhay niya (SAS) noon ay tahanan ng magandang halimbawa gaya ng sinabi ni Allah (33:21): ***Talaga ngang nagkaroon kayo sa Sugo ni Allah isang magandang huwaran para sa sinumang nag-aasam kay Allah at sa Huling Araw at nag-alaala kay Allah nang madalas.*** Ang pamumuhay pampropeta na ito ay hindi isang nakasarang lihim na walang nakababatid kundi ang mga pili, bagkus ito ay

hayagan na malalaman ng mga nakababata at mga nakatatanda.

Aling edukasyon ang higit na lubos kaysa sa isang maliit na batang gaya ni Ibnu ‘Abbás na tumuloy isang gabi sa piling ng huwaran nito. Ayon sa Hadíth: “Nakikita niya siya noong siya ay bumabangon matapos na nagdaan ang kalahati ng gabi at nagsasagawa ng wudú’. Pagkatapos ay nagdarasal sa isang bahagi ng gabi at nagsasagawa ng tahajjud sa harap ni Allah na pagkataas-taas.” Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim. Ang praktikal na pangyayaring ito ay nagdudulot ng edukasyon sa kabataan ayon sa kawagasan kay Allah, takot sa Kanya at pagpapakalapit-loob sa Kanya sa pamamagitan ng dasal at tahajjud nang hindi nagsasalita ang edukador ng iisang salita sa bata tungkol doon.

Sa ngayon, ang nakahihigit sa mga huwarang ipinalalabas at mga bantog na personalidad ay kabilang sa mga bituin ng pag-aartista, pag-awit at palakasan na hindi naaangkop para sa pagdudulot ng edukasyon ng salinlahi at pagpapatamo rito ng mga simulaing hinihiling. Ang mga aktuwal na pag-uugali ng mga ito ay hindi kabilang sa nagtataguyod sa mga simulaing ito ni nag-aanyaya para sa mga ito. Dahil doon, minamadali ang pangangailangan sa pag-susuri sa mga paghahanguan ng huwaran mula sa pamumuhay niya at sa muling paglalahad nito sa mga kabataan sa paraang mapanghalina at mahusay na nagsasaalang-alang sa mga pagkatalos nila at tumutugma sa reyalidad ng panahon nila at mga napapanahong magandang huwaran.

Pagpalain ni Allah ang Propeta natin na si Muhammad, ang mag-anak niya at ang lahat ng Kasamahan niya.

أخطاء في تربية الأبناء

الدكتور عادل الشدي

Mga Kamalian Sa Edukasyon ng mga Anak

Dr. ‘Ádil ash-Shaddí

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol sa Awa na inihandog at Biyaya na ipinagkaloob, ang Propeta natin na si Muhammad, at gayon din sa mag-anak niya at lahat ng Kasamahan niya.

Tunay na ang pagdudulot ng edukasyon sa mga anak ay hindi isang madaling pabaka-sakaling proseso na maisasagawa ng bawat isa nang walang kaalaman o kabatiran. Ito ay walang iba kundi isang prosesong komplikado na may mga pamantayang tumpak at kinokontrol ng mga alituntunin ng Shari‘ah, at sumasailalim sa personal na mga kapas-yahan ayon sa pagkaunawa at sa mga pananaw na sikolohikal na nakabatay sa pagsasakatuparan sa mga kapakanan ng mga bata, sa pagpapalago sa mga kamalayan nila, sa pagpapalawak sa abot-tanaw nila at sa pagsasawata sa mga nakasisira at mga masama palayo sa kanila.

Yamang mayroong nagsasagawa ng proseso ng pagdudulot ng edukasyon sa tipikal na anyong mahigpit sa pamamagitan ng paggaya-gaya sa mga ninuno at ng namana ng mga salinlahi, nagresulta iyon ng marami sa mga kamalian sa edukasyon at naapektuhan dahil doon ang mga bata yamang namutawi sa kanila ang ilang bilang ng mga pag-

uugali at mga kaugaliang negatibo, na nagdurusa dahil doon ang mga pamilya at ang mga lipunan.

Sa akdang ito ay tutukuyin natin ang ilan sa mga mahalagang kamalian na iyon kasabay ng pagbanggit sa lunas at pagwawasto. Si Allah ang Tagapagtagumpay at ang Tagatulong.

1. Ang Pagmamaliit sa Isyu ng Edukasyon

Ang ilan sa mga magulang ay hindi nag-uukol sa isyung ito ng katiting na pagpapahalaga at hinayaan na lamang ang mga anak nila. Gayon lumalaki ang mga ito nang walang katiting na pananagutan. Itinuturing nila na ang pananagutan nila ay hindi lumalampas sa pagkakaloob ng pagkain, inumin, kasuutan at tirahan. Nalilimutan nila ang sabi ni Allah (66:6): **O mga sumampalataya, pangalagaan ninyo ang mga sarili ninyo at ang mga mag-anak ninyo laban sa Apoy.**

Nagsabi naman si ‘Alí ibnu Abí Tálíb (RA): “Turuan ninyo sila at linangin ninyo sila.” Nalilimutan din nila ang sabi ng Propeta (SAS): *Lahat kayo ay tagapangalaga at lahat kayo ay pananagutin sa pinangangalagaan niya. Kaya naman ang pinuno ay tagapangalaga at pananagutin sa pinangangalagaan niya. Ang lalaki sa mag-anak niya ay tagapangalaga at pananagutin sa pinangangalagaan niya. Ang babae sa bahay ng asawa niya ay tagapangalaga at pananagutin sa pinangangalagaan niya.* Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Nagsabi Shawqí:²⁵

Kay raming maliit sa mga tao na tinuruan nila
na tumaas at nagsanggalang sa tinataakang kabayo
para sa mga tao niya ay pakinabang at dangal
sakaling hinayaan siya naging pinsala siya at kapintasan
kaya turuan mo ang makakaya, harinawa may salinlahi na
darating na yayari ng hinahangaang kahanga-hanga

Nagsabi naman si Ibnu al-Qayyim, kaawaan siya ni Allah:
“Kaya ang sinumang nagpabaya sa edukasyon ng anak niya
—hindi niya ito dinudulutan ng mabuti at iniwan ito na
napababaya—ay nakagawa nga rito ng sukdulang kasa-
maan. Ang nakararami sa mga bata ay dumating ang kati-
walian nila mula sa panig ng mga magulang at sa pagpa-
pabaya ng mga ito sa kanila at sa pagtigil sa pagtuturo sa
kanila ng mga tungkulin sa Relihiyon at mga kalakaran
nito. Ipinariwara sila ng mga ito nang mga bata pa kaya
hindi nila napakinabangan ang mga sarili nila at hindi rin
nakinabang sa kanila ang mga magulang nila nang mga
matanda na. Kung paanong pinagalitan ng isa sa mga ito ang
anak nito dahil sa kalapastanganan ay nagsabi naman ito:
‘Itay, ikaw ay lumapastangan sa akin noong bata pa ako
kaya nilapastangan din kita noong matanda ka na; ipinari-
wara mo ako noong bata pa ako kaya ipinariwara din kita
nang matanda ka na.’”

²⁵ Ahmad Shawqí: Isang makatang taga-Egipto na kinilalang prinsipeng ng mga manunulang Arabe noong kapanahunan niya.

2. Ang Pagdodomina ng mga Magulang

Ang kamaliang ito ay sumasalungat sa unang kamalian sapagkat gumaganap ang mga magulang rito sa papel ng tagapagmasid sa lahat ng mga pag-uugali ng mga anak yamang pinapawi ng mga ito ang mga personalidad nila at inaalisan sila ng mga sariling pananaw nila. Walang naki-kita ang mga ito sa kanila kundi mga modelo ng bulag na pagtalima. Ito, walang duda, ay nagiging dahilan sa mara-ming negatibong epekto na gaya ng:

- A. Ang kahinaan ng personalidad at ang kawalan ng tiwala sa sarili,
- B. Ang pagdanas ng *introversion*²⁶ at ng sakit na pagkamahiyain,
- C. Ang kahinaan ng mga kakayahang pagkamalikhain,
- D. Ang katiwalian sa pagtanda yamang nakadarama ang anak ng paglaho ng mga pagpipigil na dating sumusupil sa kanya kaya naman mahihilig siya sa pagtakas sa lahat ng mga alituntunin kahit pa man tama,
- E. Ang pagdanas ng mga karamdamang sikolohikal at pisikal.

Tunay na ang tumpak na edukasyon ay nakatutulong sa pagbibigay sa mga anak ng malaking aspeto ng kalayaan sa anumang nauugnay sa mga pansariling kapakanan nila sa panig ng paggawa ng mga kapasyahan, pagpapahayag

²⁶ Pagkainteresado sa sarili: ang pagkahilig sa pagiging higit na interesado sa sariling mga damdamin at mga iniisip kaysa sa mga tao at sa mundo na nakapaligid.

ng mga ninanais at pagpasan ng mga pananagutan yamang ang lahat ng iyon ay nasa larangan ng mga wastong pag-uugali at mga marangal na kaasalan na ginawa ng mga magulang ang pagpapatatag ng mga ito sa mga kaluluwa ng mga anak nila.

3. Ang Salungatan sa Tinutularan

Tunay na ang mga magulang ay ang unang nakaaapekto sa bata at nagpapatamo sa kanya ng marami sa mga kata-ngian niya at mga kaugalian niya, gaya ng sinabi ng isang manunula:

Lumalaki ang kabataan ng mga binatang kabilang sa atin ayon sa ipinahirati noon sa kanya ng ama niya.

Hindi sumampalataya ang binata sa pamamagitan ng talino bagkus itinuturo sa kanya ang pagsampalataya ng mga napakalapit sa kanya

Kaya kapag ang mga magulang ay may kaaya-ayang mga kaasalan at magandang ugali, kakamtin ng mga anak mula sa kanila ang ilan sa mga positibong katangian nila. Kapag sila naman ay mga nagsasalungatan ang sarili yamang nag-uutos sila na isang bagay at ginagawa naman nila ang ibang bagay, nakaapekto iyon nang negatibo sa mga anak.

Kabilang sa salungatan ay na ipag-uutos ng ama sa mga anak niya ang pagpapakatotoo samantalang siya naman ay nagsisinungaling, o ipag-uutos niya sa kanila ang pagiging mapagkakatiwalaan samantalang siya naman ay nagnanakaw, o ipag-uutos niya sa kanila ang katapatan samanta-

lang siya nanam ay nagtataksil, o ipag-uutos niya sa kanila ang pagpapakabuting-loob at ang pakikipag-ugnayan sa kaanak samantalang siya naman ay lapastangan sa mga magulang niya, o ipag-uutos niya sa kanila ang pagdarasal samantalang siya naman ay tumigil sa pagsasagawa niyon, o ipag-uutos niya sa kanila ang hindi paninigarilyo samantalang siya naman ay naninigarilyo. Ito ay salungatan na nagpapaguho ng paggalang ng mga anak sa tagapag-aruga na ito. Hindi maglalagay sa salita niya ng anumang halaga. Nagsabi si Allah (2:44): **Ipinag-uutos ba ninyo sa mga tao ang pagpapakabuting-loob samantalang kinakali-mutan ninyo ang mga sarili ninyo gayong kayo ay bumibigkas ng Aklat? Hindi ba kayo nakauunawa?**

Nagsabi ang isang manunula:

O lalaking tagapagturo ng iba sa kanya,
sana naman sa sarili mo ay may isang pagtuturo.
Naghahatol ng gamot sa may sakit at may panghihina
upang ikagaling niya ito samantalang ikaw ay maysakit.
Nakikita ka na nagtutuwid sa pagpatnubay sa mga isip
magpakailanman samantalang ikaw sa patnubay ay wala.
Huwag kang sumaway ng asal at gumagawa ka ng katulad,
kahihyan sa iyo, kapag ginawa mo ay mabigat.
Magsimula ka sa sarili mo, sawayin mo ito sa kalihisan nito;
kaya kapag tumigil ito roon, ikaw ay marunong.
At doon tatanggapin ang sinasabi mo at tutularan
sa sinabi mula sa iyo at pakikinabangan ang pagtuturo.

4. Ang Kabagsikan

Tunay na ang isinasatungkulin sa mga magulang ay na pakitunguhan nila ang mga anak nila ng may pagkaawa, pagkabanayad at pagkahabag. Ito ang patnubay ng Propeta (SAS) sa pakikitungo sa mga nakababata. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Hinalikan ng Propeta (SAS) si Hasan ibnu ‘Alí (RA) habang katabi niya si Al’aqra‘ ibnu Hábis, at nagsabi si Al’aqra‘: Tunay na mayroon akong sampung anak; wala akong hinalikan sa kanila ni isa. Kaya tumingin dito ang Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi: ***Ang hindi naaawa ay hindi kaaawaan.***” Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhári at Imám Muslim.

Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “May dumating na mga taong kabilang sa mga Arabeng disyerto sa Sugo ni Allah (SAS), at nagsabi sila: Hinahalikan ba ninyo ang mga batang anak ninyo? Kaya nagsabi siya: ***Oo.*** Nagsabi naman sila: Subalit kami, sumpa man kay Allah, ay hindi humahalik. Kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***At ano ba ang magagawa ko kung si Allah ay nag-alis ng awa sa mga puso ninyo?***” Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhári at Imám Muslim.

Ang kabagsikan at ang katindihan sa pagpaparusa ay nagresulta ng mga halimbawa ng magulong pag-iisip na hindi nakakakayang umakay sa mga sarili, lalo na sa pagakay ng mga iba pa.

Umiral sa nagdaang panahon ang paniniwala na ang kabagsikan at katindihan sa pamamalo ay ang siyang nagpapalago sa lakas, katapangan at pagkalalaki sa mga bata at gumagawa sa kanila na nakakakaya sa pagpasan ng

pananagutan at sa pag-asa sa sarili. Napatunayan nga na mali ang konseptong ito sapagkat ang kabagsikan ay nag-iwan ng mga masakit na epektong sikolohikal sa mga bata. Nagtutulak ito sa mga bata sa pagmamatigas at pagkapa-laaway. Sumasagabal ito sa pagsapit nila sa yugto ng kahirnugan ng isip. Nagpapadama ito sa kanila palagi ng kababaa, pagkahamak at pagkawala ng dignidad.

Ngunit hindi ito nangangahulugan na tayo ay magbabawal na sa pagpaparusa nang lubusan, bagkus nararapat na mayroong parusa paminsan-minsan, gayunpaman hindi lalampas ang pagpaparusang ito sa hangganan ng awa at kabaitan, gaya nga ng sinabi:

Kaya bumagsik upang masawata sila, at sinumang desidido ay bumagsik paminsan-minsan sa sinumang kinaaawaan

5. Ang Pagbabale-wala sa mga Nakasasama

Kung papaanong ang kabagsikan ay tinatanggihan, tunay na ang pagbabale-wala sa mga nakasasama ay tinatanggihan din naman. Ito ay kabilang sa mga kamalian na nasasadlak dito ang marami sa mga magulang. Ang katwiran nila roon ay na ang bata ay maliit pa, at na siya ay titigil sa mga gawang nakasasama na ito kapag lumaki na. Ito ay hindi tama sapagkat ang sinumang nahirati sa isang bagay sa pagkabata niya ay magiging mahirap sa kanya ang pagwawaksi nito sa paglaki.

Nagsabi si Ibnu al-Qayyim, kaawaan siya ni Allah: “Kay raming nagpasawi sa anak niya at dugo ng dugo niya sa Mundo at sa Kabilang-buhay dahil sa pagwawalang-bahala

niya, pagtigil niya sa pagdisiplina rito at pagtulong niya sa masamang hilig nito. Inaakala niya na siya ay nagpaparangal dito samantalang hinamak na niya ito, na siya ay naawa rito samantalang inapi na niya ito at pinagkaitan ito. Kaya nakaalpas sa kanya ang pakinabang niya sa anak niya at pinaalpas sa kanya ang mabuting bahagi niya sa Mundo at Kabilang-buhay. Kapag isinaalang-alang mo ang katiwalian sa mga anak, makikita mo na ang pangkalahatan nito ay mula sa panig ng mga magulang.”²⁷

Kabilang sa napakalaking mga uri ng pagbabale-wala sa mga anak ay ang hindi paghimok sa kanila sa pagpapantili sa pagdarasal at sa pangangalaga rito samantalang ang Propeta (SAS) ay nagsasabi: ***Ipag-utos ninyo sa mga anak ninyo ang pagdarasal kapag pitong taon na at paluin ninyo sa hindi pagsasagawa niyon kapag sampung taon na. Paghiwalayin ninyo sila sa mga higaan.*** Isinalaysay ito ni Imám Ahmád at Imám Abú Dáwud. Pinagtibay ito na hasan ni al-Albání.

Kaya naman ang ama na pumupunta sa masjid at iniinwan ang mga anak niya na natutulog o naglalaro, siya ay nagkakamali ayon sa sabi ni Allah (20:132): ***Ipag-utos mo sa mag-anak mo ang pagdarasal at magpakamatiisin ka alang-alang dito.***

Tungkulin niya rin na sawayin sila sa pakikinig sa musika at kanta. Sasawayin niya sila sa pagwangis sa mga Káfir sa mga kasuutan nila at mga kaugalian nila. Sasawayin niya sila sa pagkahumaling sa mga sikat na nananampalasan sa

²⁷ *Tuhfat al-Mawlúd.*

lupa at hindi nagpapakatuwid. Ang saloobin niya sa lahat ng iyon ay ang kabaitan, ang kabanayaran, ang pagkumbinsi, ang pakikipagtalakayang mahinahon at ang mainit na ugnayan sa mga anak.

6. Ang Pagwawalang-bahala sa Reyalidad

Kabilang sa mga kamalian sa pagdudulot ng edukasyon ay ang pagwawalang-bahala sa reyalidad, ang pananatili sa sinaunang modelo at ang hindi pagbabago ayon sa naaangkop sa mga hinihiling ng panahon. Pinahahalagahan, halimbawa, ng edukador ang paglangoy, ang *archery* at ang pag-sakay sa kabayo at iniawan ang ibang mga kasanayan na hinihiling ng panahon gaya ng agham ng *computer*; pag-tuturo ng mga banyagang wika; pagsasanay sa kasanayan sa pagpapahayag, pagtalumpati at pagsusulat; pagpapakahusay sa isang istilo ng makabagong *martial art*; at iba pa na nagiging dahilan upang mapag-iwanan ang mga ito—sila na hindi nagpapahalaga ang mga edukador nila sa pag-papaunlad sa mga kakayahan nila—ng mga kapareho nila. Kaya hahantong iyon sa pagkadama nila ng kakulangan at pagkakahiwalay nila sa mga kapareho nila na nakalamang sa kanila sa marami sa mga larangan ng buhay.

7. Ang Hindi Pagkilala sa Pagkakamali

Ilan sa atin ang nagparusa sa isang anak niya gayong siya ay lumalabag sa katarungan dito?

Ilan sa atin ang nagparatang sa isa sa mga anak niya gayong ito ay inosente?

Ilan sa atin ang namalo ng isa sa mga anak niya dahilan sa isang sinungaling na sumbong?

Bagamat ang magulang ay nakaalam matapos niyon na siya ay nagkamali sa karapatan ng anak niya, gayunpaman siya ay hindi humihingi ng paumanhin at hindi kumikilala sa pagkakamali niya. Para bang ang anak na ito ay walang mga karapatan, walang dignidad at walang damdamin.

Ito, walang duda, ay maling ugali. Ito ay nagdudulot sa mga diwa ng mga bata ng mga masamang katangian gaya ng pagmamalaki, pagmamagaling, pagkapanatiko sa pananaw kahit pa man tiwali ito, pagpupumilit sa kamalian niya, at iba pa.

Kung sakaling ang ama ay nagsagawa ng paghingi ng paumanhin sa anak niya, iyon sana ay isang tumpak na asal yamang binago ng edukador ang mali niya upang maging isang positibong pag-uugali na makaapekto sa mga diwa ng mga anak. Aanyayahan nila sila sa hinihiling ng pag-uugali na ito na pagpapakumbaba sa katotohanan, pagkilala sa pagkakamali at kaluwagan sa pakikitungo sa mga iba.

8. Ang Pagsosolo sa Paggawa ng mga Pasya

Walang duda na ang ama ay ang tagapangalaga. Siya ang katiwala. Siya ang mananagot sa kasambahay niya. Ngunit iyon ay hindi nangangahulugan na magsosolo siya sa paggawa ng lahat ng pasya nang walang pagsangguni sa sinu-mang nasa bahay. Tunay na iyon ay magiging dahilan ng paghahari ng espiritu ng pagdodomina sa mga anak: dodominahan ng mga nakatatandang [kapatid] ang mga naka-

babatang [kapatid], kaya magsasagawa ng panunupil ang mga [nakatatandang] ito sa mga [nakababatang] iyon gaya ng ginagawa ng magulang sa mga ito [na panunupil] sa pananaw ng mga ito.

Naaalala ko rito ang lalaking iyon na nagdadala sa maybahay niya at mga anak niya lulan ng kotse sa araw ng bakasyon samantalang sila naman ay hindi nakaaalam kung saan niya sila dadalhin. Kapag may isang nagtanong tungkol doon ay parurusahan ang lahat sa pamamagitan ng pag-uwi sa bahay at ng pagkakait sa kanila ng pamamasyal na hinihintay nila nang may pananabik at pagnanasa. Hindi nila nalalaman ang kabuluhan niyon.

Hindi ba ang pinakamainam ay na tipunin ng ama na ito ang mga anak niya at sangguniin sila sa dakong naiibigan nilang puntahan? Ano ang ikalulugi niya kung sakaling ginawa niya iyon? Subalit ang mga iyon ay ang mga kaluwang hindi makita ang sarili nila kundi sa pamamagitan ng pagsawata sa mga iba, pagbabale-wala sa kanila at pagdomina sa kanila.

9. Ang Hindi Paggalang sa mga *Privacy*²⁸

Narapat na ituro natin sa mga anak ang paggalang sa mga *privacy* nang sa gayon sila ay maging mga tumpak sa paghihiwalay sa pagitan ng mga pansariling puwang nila at mga puwang na pinamumuhayan ng mga iba.

²⁸ Minabuting Ingles ang gamitin dahil madaling maunawaan.

Talaga ngang inatasan tayo ng Marangal na Qur'an na ituro natin sa mga anak natin at sa sinumang nasa paninilbihan sa mga bahay natin ang pangangailangan na humingi ng pahintulot bago pumasok doon sa mga oras na itinuturing na mga oras ng pamamahinga at sa mga takdang oras na ang tao sa sandaling iyon ay hindi nakahandang tumanggap ng isa man.

Dahil doon, tunay na tungkulin ng mga magulang—lalo na ng ina—na ituro sa bata ang katangian ng mga *privacy* ng ibang mga tao at ang mga hangganan ng mga ito. Kaya naman hindi ito papasok sa isa man sa isang takdang lugar nang walang paghingi ng pahintulot. Hindi ito magbubukas ng anumang nakasarado na hindi sa kanya, maging iyon man ay pinto ng bahay o refrigerator, o isang aklat, o isang kwaderno, o isang kahon, maging gaano man katagal ang pananatili nito sa lugar na iyon.²⁹

Tunay na ang ilan sa mga bahay ay nawala sa mga iyon ang paggalang sa mga *privacy*. Kaya naman lumaki ang mga anak sa mga iyon sa kawalang-kaayusan, kabangisan at paglabag sa mga karapatan ng mga iba.

Tunay na tungkulin ng mga magulang na igalang muna ang mga *privacy* ng mga anak nila: kakatok sila sa mga ito bago pumasok, ikukubli nila ang mga lihim ng mga ito at hindi nila tutuligsain ang mga ito sa isang pagkakasala, bagkus ay pagtatakpan nila ang mga ito at babale-walain nila ang mga sala. Kung ginawa nila iyon, magtatagumpay

²⁹ *Dalil at-Tarbiyah al-Usriyah* (Patnubay ng Edukasyong Pampamilya), pahina 132.

silá sa pagtuturo sa mga anak nila at sa paggalang sa mga *privacy* ng mga iba.

10. Ang Pagpapaalis

Tunay na ang ilan sa mga magulang ay nagtuturing na kapintasan na umupo ang bata sa mga pagtitipon ng matatanda; ginagawa nila ang pagtataboy rito, pagmumura rito at pagpapaalis dito kapag siya ay nag-isip na pasukin ang mga pag-uumpukan ng mga matatanda.

Walang duda na ang bata ay nararapat na pahintulutan paminsan-minsan sa pag-upo kasama ng matatanda upang makapulot sa kanila, matuto at makinabang sa mga karanasan nila. Naisalaysay nga nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim na ang Sugo ni Allah (SAS) ay dinalhan ng inumin, at uminom siya mula rito habang sa gawing kanan niya ay may isang batang lalaki na pinakabata sa mga tao at sa gawing kaliwa niya ay ang mga matanda. Nagsabi siya sa batang lalaki: ***Magpapahintulot ka ba sa akin na bigyan ko ang mga ito?*** Kaya naman nagsabi ang batang lalaki: Sumpa man kay Allah, o Sugo ni Allah, hindi ako magbigay ng bahagi ko mula sa iyo sa isa man. Kaya inilagay ito ng Sugo ni Allah (SAS) sa kanang kamay niyon.

Kay dakila niya (SAS) na tagapagpatnubay, tagapagaruga at tagapagturo na natututo sa kanya ang sangkatauhan sa lahat ng antas nito sa lahat ng panahon at pook. Ang pamamaraang pang-Islam na maka-Panginoon ay hindi nagbabawal sa mga nakababata na makihalubilo sa mga nakatatanda sa mga pag-upo nila sa mga pag-uumpukan

nila, sa mga masjid nila, sa mga pagtitipon nila, mga paglalakbay nila at mga kapisanan nila. Iyan ay upang magtamo sila ng mga karanasan, makilahok sila sa mga gawain at makapagsanay sila sa mga pananagutan.

Ang paghihiwalay sa mga nakababata sa pakikipag-ugnayan sa mga nakatatanda ay isang pamamaraang negatibo at hindi praktikal. Iniiwan ang mga nakababata sa isa't isa kaya wala silang natutuhan kundi mga bagay na kabal-balan. Inaakit sila ng mga demonyo kaya natutuhan nila ang mga kasamaan sa halip na makihalubilo sa mga nakatatanda at matutuhan ang matatayog na mga bagay.³⁰

³⁰ *Al-'Ushrah at-Tayyibah* (Ang Mabuting Pakikisama), p. 124-125.

Mga Pinagkunan

1. *Dalíl at-Tarbiyah al-Usriyah* (Gabay ng Edukasyong Pampamilya) ni Dr. ‘Abdulkarím Bakkár
2. *Al-‘Ushrah at-Tayyibah ma‘a al-Awlad* (Ang Mabuting Pakikisama sa mga Bata) ni Muḥammad Ḥusayn
3. *Kayfa Turabbí Abná’ka fí hádhá az-Zamán* (Papaano mong Aarugain ang mga Anak mo sa Panahong Ito) ni Dr. Ḥassán Shamsí Báshá
4. *At-Taqsír fí Tarbiyah al-Awlad* (Ang Pagkukulang sa Edukasyon ng mga Bata), ni Muhammad Ibráhím al-Ḥamad
5. *25 Tariq li Tasna‘ min Ibnika Rajulan Fadhdhan* (25 Paraan para Gumawa ka mula sa Anak mo ng Isang Natatanging Lalaki), ni Akram Misbáḥ ‘Uthmán
6. *101 Tariqah li Ta‘zíz at-Tifl bi Nafsihi* (101 Paraan ng Pagtataguyod sa Bata sa Pamamagitan ng Sarili Niya), Robert D. Ramsey